

MANONG.

-Ni: CORRECTION FLUID-

*Tumila na ang ulan.*

NAPAKAHABA na ng pila sa Quiapo ilalim. Maraming pasahero na ang naiinip dahil sa hindi malamang dahilan, nahuli sa kauna – unahang pagkakataon ang inaabangan nilang mga FX. Pasado otso y media na, at dinig na dinig na rin ang pagkalam ng sikmura ng mga taong alas syete pa lang ay nagtiyaga ng pumila sa harapan upang makarating sa kanilang mga bahay ng mabilisan.

Isa sa minalas na maghintay sa pilang nabanggit ay si Ket. Mag - aalas sais pa lang ay nakatayo na siya doon at naghihintay. Maagang natapos ang kanyang klase kaya naman umaasa siyang makakauwi agad upang magawa ang mga gawaing nakatakda. Nakataas na rin ang magkabila niyang kilay dahil sa halu – halong pagkainip, pagkagutom at pagkainis.

“Manong, anyare sa mga ka – tropa niyong driver? Kanina pa kami dito a?” wika ni Ket.

“Oo nga! Magdadalawang oras na kaming nakapila dito oh!” sagot naman ng aleng nasa harapan niya.

“Easy lang po, pasensya na at na – trapik sila sa may bandang Mandaluyong.” si manong.

“Manong, hindi naman kami makakarating sa bahay niyang pasensya niyo e.” naiinis na sabat niya sa usapan.

Kung tutuosin, mahigit tatlong oras na siyang nakapila, hindi gaya nong iba. Ang dami ng nasayang sa oras niya, oras na sana .. naigugol na lang niya sa paggawa ng mga bagay – bagay.

Lumipas ang limang minuto. Sampu. Hanggang sa sumapit ang ika – labinlima.

Biglang gumuhit ang isang matalim na kidlat at dagling dumagundong ang kalangitan.

At dito, biglang bumuhos ang malakas na ulan.

Mabuti na lang at may dala siyang payong. Dahil kung hindi nakaalis na siya ng pila upang humanap ng masisilungan.

*"Miss, pasukob ha."*

Napatingin na lang siya doon sa nagsalita.

"Sige. Buti na lang, malaki 'tong payong ko."

"Tagal nung mga FX no?"

"Oo nga e. Tapos umulan pa. Malamang, lalo pa silang matagalan."

Nagtataka si Ket dahil sa inaasal ng lalakeng nakapila pala sa likuran niya. Alam niya sa sarili na, normal naman na ang mga ganitong ugali ng mga tao sa panahon ngayon, pero .. ang hindi niya lang matanggap ..

*Ay ang pagkausap sa kanya ng mala – Siwon na lalakeng ito.*

Tahimik lang siya. Ramdam na ramdam niya ang mapusok na patak ng ulan na bumabagsak sa kanyang payong. Pinagpapawisan na rin siya dahil sa biglang pag – alinsangan ng paligid.

"So, anong course mo sa UST?"

"Hmm .. Nutrition. Wala e, no choice. Ikaw? FEU?"

"Hindi ako sa main e. FEU ako pero .. doon sa EAC."

"ITAM ka pala. Ayos a. Magkalaban sa UAAP yung schools natin."

"Wala naman akong paki doon e. Lalo't bitter ako doon sa varsity nila. Tinanggal ako dahil nagkaroon lang ako ng 3."

"Hmm .. e diba ganoon naman talaga? Yun yung agreement kahit sa mga varsities namin e."

"Pero may valid reason naman ako."

"Ganun talaga ang buhay."

Nginitian siya ng lalakeng kumakausap sa kanya. Nakakatuwa, dahil kasabay ng pagngiti nito sa kanya .. *ay ang unti – unting pagtila rin ng ulan.*

"Tumila na. Pero wala pa ring FX."

"Yun lang."

Hanggang sa dumating na ang pinakahihintay nilang mga sasakyan. Nakakagulat, una – unahan lahat ng tao sa pagsakay. Nabalewala ang kani – kanina lang na pila.

Halos magkasabay silang sumampa doon sa upuan. Mabilis na napuno ang apat na sasakyan.

Magkatabi silang dalawa sa bandang gitna. Siya ang nasa tabi ng bintana dahil mas nauna siya sa pila.

Kasabay ng pag – andar ng FX ay ang pag – andar ng imahinasyon niya.

*Hanep din 'tong lalakeng 'to a? Lakas maka – FC. Pero in fairnes, kerri naman niya kasi. Hindi siya mukhang ma – dirty.*

"Saan ka sa Pasig?"

"Ha?! Sa Kapasigan ako e. Malinao."

"Ah. Sa Bagong Ilog naman ako."

"Hala, e di mas una ka palang bababa. Dapat nagpalit tayo."

"Ayos lang. Saka, wala na e. umaandar na 'oh."

Hindi katulad ng kanilang inaasahan, biglang naglaho ang pagka – antala ng mga sasakyan sa daanan. Nakakapagtaka lang dahil nga mabilis na ang byahe kahit na kakatila pa lang ng malakas na ulan.

Nakatingin lang si Ket sa bintana habang bumabyahe.

Nagulat na lang siya ng may biglang kumalabit sa braso niya.

"Anong year ka na?"

"4<sup>th</sup> year. Ikaw?"

"4<sup>th</sup> year din. Ayos, pareho pala tayong graduating. Bakit nga pala sabi mo, no – choice ka sa Nutrition?"

"Ah, eh academic placement kasi ako e."

"HA?! Ano yun?"

"Tipong pumasa naman ako sa exam, pero hindi umabot sa cut – off."

"Eh ano ba dapat ang kurso mo talaga?"

"Commerce."

"E mahirap nga talaga doon. Yung pinsan ko, nag – UST rin. Tapos sabi niya, sobrang hirap daw pumasa sa mga subjects .. hanggang ngayon."

"Ahhhhh."

Tumahimik na ulit siya. Hindi niya maintindihan ang lalakeng nasa tabi niya.

Hindi naman sila magkaibigan, lalong hindi sila magkakilala. Ngayon lang. *Ngayon nga lang sila nagkita at nagkausap.*

"Hmm .. mahilig ka sa marvel?"

"Oo. Haha. Bakit mo naitanong?"

"Yung backpack tag mo kasi e. Nakalagay, *The Avengers, Baby!*"

"Ahehehe. Kala ko naman, random question lang."

"Sino sa mga Avengers ang paborito mo?"

"Hmmm .. si Thor .. saka si Loki."

"Ako rin. Pareho pala tayo."

Katahimikan.

Hindi niya talaga alam kung bakit siya kinakausap ng lalakeng .. kung tutuosin .. *ay isang estranghero.*

Nasa tapat na sila ng W2W suites sa may bandang San Juan ng bigla itong magsalita.

"Thor – mania tayo."

"Pano yun?"

"Yung ganito .. sample .. CardcapTHOR sakura."

"AHHH! Oo tanda ko na yan! Nagtrending yan sa Fb noon e! O teka, eto .. Miriam DefenTHOR Santiago."

"HAHA! Epic yung mukha niya diyan! Nakasakay ka na ba sa elevaTHOR?"

Natawa ng malakas si Ket dahil sa narinig. Hindi niya akalain na sobrang masisiyahan siyang kausapin ang isang `to .. ang lalakeng katabi niya sa upuan ng FX ngayon.

"Oo naman. E naranasan mo na bang umakyat doon sa pababang—"

--"escalaTHOR!?"

Pareho na silang nagtawanan dahil sa THOR – mania. Halos pinagtitinginan na silang dalawa nong ibang pasahero. Laking pasasalamat nalang ni Ket dahil may isang bagay na nagsilbing – daan para mas magkausap pa sila.

*Ayos naman pala siyang kausap e.*

"Liban sa marvel, ano pang hilig mo?"

"Mahilig ako sa boxing. Actually, nag – enroll ako malapit doon sa Gold's–"

--"TEKA! Sa may Gold's Gym ba?! Naka – enroll din ako doon e! Boxing din."

"HAHA! Ayos pala e. Pareho tayo ng hilig! Tuwing kelan ka nagpupunta doon?"

"Eh dati nung summer class, halos araw – araw. Kaso ngayon, sobrang dalang nalang. Busy na e."

"Hirap talaga pag 4<sup>th</sup> year no?"

"Oo. Sobra."

Malapit na sila sa V. Mapa. Ilang sandali pa at lumiko naman ang FX na kanilang sinasakyan papuntong Mandaluyong.

"Ang bilis ng byahe no?"

"Oo nga e. Kagulat lang na nasa Mandaluyong na tayo."

Napatingin siya sa Jose Rizal University. Naisip niya na, sa buhay – kolehiyo, mabilis talagang lumipas ang oras. Dis – oras na kung tutuosin, pero ang mga estudyante, buhay na buhay pa rin, patuloy pa rin sa pakikipaghabulan sa tumatakbong segundo at nagpapahabol na minuto.

"Maganda rin daw diyan sa JRU."

"Oo nga. Kaso, wala e. Pangarap ko talaga sa UST."

Patuloy pa rin sa pag – usad ang kanilang sasakyan. Andar. Hinto. Harurot. Konting baling. Konting liko.

"Grabe, nasa Pasig na tayo. Sarap pala talagang bumyahe pag gabi."

"Oo nga e. Oy, rotonda na. Bababa ka na diba?"

"Tsk. Tsk. Ang bilis kasi ng byahe e. *Manong, sa tabi lang po.*"

"Ingat ha."

"Ikaw din. Salamat."

Pagbabang – pagbaba nung lalake ay malakas na napapalatak si Ket.

"Ay tanga! Hindi ko man lang natanong yung pangalan niya?!"

*Sana magkita pa kami.*

\*\*\*

KINAHAPUNAN ng Hwebes, maaga ulit nakapila si Ket sa pilahan ng FX. Ngunit kaiba sa mga nagdaang araw, hindi bumuhos ang ulan.

Kanina pa siya palingun – lingon sa harap at likod sa pag – asang makakasabay niya ulit ang mahiwagang *lalake* na nakausap niya noong isang araw.

Ngunit bigo siyang makita ito.

Dumating na ang kanilang inaabangang FX. Dali – daling nagsipag – sakayan ang mga tao. Una – unahan para makaupo sa maayus – ayos na upuan.

At katulad ng ibang segundo, minuto at oras sa buhay ni Ket, umandar din ito patungo sa kanilang paroroonan.

Hanggang sa ..

"Sinong hinahanap mo?"

Nagulat si Ket dahil sa narinig. May *taong* kumalabit sa kanyang likuran. Sa ikalawang hanay ng kanilang sasakyan.

"Uy! Teka, nasa bandang likuran ka kanina?"

"Oo. Nakita nga kita e. Mga 9 na tao ang pagitan natin. Nahiya lang akong sumingit sa pila mo. Tsaka ano, bumili ako saglit kay Ka Nena ng C2."

"Ahhhh. Kala ko gabi pa uwi mo e. In – assume ko na lang na gagabihin ka kaya di tayo nagkasabay."

"Ikaw kasi e."

"Anong bakit ako?"

"Nagmamadali ka kasi. Hindi mo ko hinintay."

Hindi niya maintindihan ang lalakeng ito. Hindi niya maunawaan kung bakit sa dinami – rami ng mga babaeng pwede namang kausapin e siya pa ang napili nito. Maraming tanong sa isip niya, ngunit sa loob – loob niya, may isang bagay siyang alam na sigurado ..

*Kinikilig siya .. at iyon ang totoo.*

"Sus! Magalit yung gelpren mo. Nakikipagbanatan ka kung kani – kanino e."

"Wala naman e."

"Hmm .. *wala pa o wala na?*"

"Wala *na*. 3 months ago pa."

"Ahhh .. condolence."

Natawa siya. Natawa na rin ang lalake dahil sa sinabi niya.

"Adik ka. Namatayan ba 'ko para sabihan mo ng condolence?"

"E diba parang ganon na rin yun? Namatay yung puso mo dahil sa pagbe – break niyo."

"Gumaganon? Hahaha. Tagal na nun e. Naka – andar na ko."

"Sorry na. Buti naman naka – andar ka na."



"Kailangan e. *Marami pa namang isda diyan sa tabi*. Malay mo, kaya kami nag – break kasi may mas deserving palang darating."

"Speechless. Hahaha."

Napangiti siya. Pagkatapos ay nagpaalam sa kausap na iidlip muna siya sandali upang mapawi ang antok na nararamdaman. Napuyat siya sa magdamag na pag – aasikaso ng mga kakailanganin sa klase kinabukasan.

Nagising siya sa kalabit ng isang taong *nasa likuran* niya.

"Hmm .. bakit?"

"May tanong ako."

Tumingin muna si Ket sa orasan niya. Alas – singko na pala. Luminga rin siya pansumandali sa bintana para malaman kung nasaang banda na sila.

"Ano yung tanong mo?"

"Chillax lang. Nasa Shaw palang tayo. Medyo mahaba – habang maikli pa yung byahe."

"Ano na nga yung tanong mo?"

"Anong oras yung pasok mo?"

"Iba – iba e. Pag MWF, alas onse. Pag TTh, 12:30."

"Woah! Swerte! Palit tayo!"

"Bakit, ikaw ba?"

"7 a.m lagi. Tapos halos pareho tayo ng oras ng uwi. Unfair no?"

"HAHA. Ganyan talaga. Pinili mo yan, e di pangatawanan mo."

"Hmm .. THOR-mania na lang ulit?"

"O sige. Wala kang magawa no? Pag ako nagka – stiff neck, lagot ka sakin."

"Sorry na! Haha. Di naman. Sadyang .. *masaya lang ako pag kausap kita.*"

"Echosero ka! O ano na, hmm .. alam mo ba na .. tingin ko, natoTHORete ako dahil sa mga pinaggagawa mo?"

"Uwooo! Ang angas non a. Eto naman. Ako, may crush ako sa isang babae .. pero natoTHORpe ako pag kausap ko siya."

"Hahaha! Mas astig yung sayo. Hmm .. eto pa. Pwede ka bang kontratahin? Gagawin kitang THOR guide .. para naman makapunta ko diyan sa puso mo."

"Ehem. Parang lalake ka lang kung bumanat a.. teka nga .. Ahh, eto .. Hindi ka ba napapagod? Kasi naman .. kanina ka pa nagmamaraTHORn sa isip ko e."

"Hahaha! Ano ba yan. Mukha na tayong timang dito."

"Bakit ba? Kanya – kanyang trip lang yan."

Napatingin si Ket sa daanan. Napagtanto niya na .. malapit na pala sila sa Rotonda. Malapit na ring bumaba ang mahiwagang lalake na kausap niya.

Konting liko pa at nakarating na sila sa tapat ng talipapa doon sa Bagong Ilog.

"Oy, THORete, bababa na 'ko. *Manong, sa tabi lang po.*"

"Sige, ingat ka THORpe. Next time ulit."

Nakababa na naman ang lalake ng may mapagtanto siyang isang bagay ..

"Aysh! Yung pangalan niya! Nak naman ng .."

"Ano ba yan ineng, dalawang beses mo ng nakakausap pero hindi mo pa rin alam ang pangalan? Ang bagal mo naman." biglang sabat nong driver ng FX.

"E, kuya .. ang lagay ako ang gagawa ng first move? Wag na uy!"

Nagtawanan yung ibang pasahero dahil sa tinuran niya. Pati siya, natawa na rin dahil sa mga pinagsasasabi niya. Nasa kapasigan na pala sila at malapit na rin siyang bumaba.

Pagbabang – pagbaba niya .. may isang bagay siyang ipinangako sa sarili niya ..

*Kikilalanin din kitang hayop ka. Tandaan mo yan. :'''>*

\*\*\*

ISANG linggo ang matuling lumipas.

Ngunit taliwas sa inaasahan ni Ket, hindi na niya nakasabay ang mahiwagang lalakeng kanyang nakakausap. Sa totoo lang, nalulungkot siya dahil namimiss niya na ang pangungulit nito, ang mga usapan nila, ang walang – kamatayan nilang THORmania, ang astig na tawa nito sa mga banatan nila .. sa madaling salita, namimiss na niya ang lalake at tunay na nangungulila siya sa presensiya nito.

Pasado alas – syete na ng gabi. Nakakapagtaka na kaunti lang ang mga taong nakapila sa pilahan at nag – aabang ng FX ngayon. Sabagay, Hwebes nga naman at hindi naman araw ng Quiapo.

“Sinong hinahanap mo?” tanong sa kanya ni Ka Nena.

“W-wala po. Haha. Eto na po yung bayad ko, keep the change po.”

“Keep the change ineng, e para 24 yang C2 at 25 `tong bigay mo. Ang galante mo naman ineng.” tumatawang sagot sa kanya ni Ka Nena.

Nagpasalamat ulit siya sa mabait na tindera at tumungo na sa pilahan. Tumingin muna siya sa itaas. Napatanong din siya sa sarili kung bakit walang mga bituing naka – tambay sa kalangitan.

“Syete. Uulan pa ata, ala pa naman akong payong.”

At hindi nga siya nagkamali.

Gumuhit ang matalim na kidlat kasabay ng malakas na pagdagundong ng kulog sa di - kalayuan. Ilang sandali pa at pumatak naman ng marahas ang ulan. Dagling naglabas ng mga payong ang ilang pasaherong nakapila, habang siya naman ay pinipilit na takpan ang ulong unti – unti ng nababasa dahil sa mga agresibong tubig na mabilis na bumabagsak.

"Syete. Bakit kasi ngayon pa 'ko nakalimot ng payong?"

Pinupunasan niya gamit ang kamay ang mga patak ng ulan sa kanyang ulo at mukha. Ngunit sa bandang huli, natawa na lang siya dahil kahit anong pilit niyang gawing punas at iwas, mananatili pa rin naman siyang basang sisiw na.

"Miss, sukob na."

Nagulat siya dahil sa narinig. Napatingin siya sa *taong* nagsalita. Kilalang – kilala niya ang boses nito at hindi siya maaaring magkamali.

Nagtatanong ang kanyang mga mata habang nakatingin dito. May hawak itong malaking payong na siyang ipinan - sukob nito sa kanya. Dinig na dinig pa rin niya ang mga patak ng ulan na bumabagsak sa lupa .. at maging sa payong na hawak ng mahiwagang *lalakeng* sa pangatlong pagkakataon ay nakita niya.

"Oo nga naman. Bakit kasi ngayon ka pa nakalimot ng payong?"

Ngumiti ito sa kanya. Saglit na natunaw ang puso niya dahil sa pagtatama ng kanilang mga mata. Hindi niya mawari, hindi niya maintindihan .. ngunit tila may kakaiba talaga sa kanyang nararamdaman.

"U-uy. Ikaw pala. S-salamat sa payong a."

"Wala yun. Kitam, basa ka na tuloy."

Kumuha ito ng panyo sa balsa at ipinunas sa tubig na naglalandas sa mukha niya. Kinikilig siya dahil sa munting kilos nito .. na para bang nagpapahayag ng pag – aalala sa kanya. Alam niya sa sarili na .. may iba na nga siyang nararamdaman. Patunay dito ang pagkislot ng puso niya at ang panginig niya dahil sa pagdidikit ng kanilang katawan.

"Bakit .. bakit ngayon ka lang nagpakita?"

"Sorry. Nag – isip ako e."

Mataman itong tumitig sa kanya.

"Tungkol saan?"

"Dun sa babaeng natoTHORpe ako."

"Psh. Yan ka na naman e."

"Hindi nga .. ginawa ko lang naman yung 3 month rule. Nag – isip muna `ko. Ayoko kasi siyang gawing panakip .. At kaya naman ako umiwas ng isang linggo para malaman ko nga yung sagot."

"Sus. Daming satsat. O ano narealize mo?"

"Na .. *gusto ko talaga siya*. At willing akong kilalanin pa siya."

Hindi siya nakasagot. Damang – dama niya ang pagkislot ng kanyang puso dahil sa mga naririnig mula sa mahiwagang *lalake* na ngayon lang nagpakita sa kanya. Gusto niyang maniwala .. gusto niyang umasa .. gusto niyang manalangin na sana ..

"A-ako ba yan?"

"Assuming lang dre?"

"Hayop ka. Lumayas ka nga sa harap ko."

"Hindi pwede. Pag umalis ako, mababasa ka. O para masaya, sige tatanggalin ko na lang `tong payong para pareho tayong wet look."

"Wet look mo mukha mo. Alis na."

"Namiss mo ba `ko?"

Naiinis siya. Ang lakas na ng epekto ng lalakeng ito sa kanya. Kung tutuosin, isang linggo lang naman niya itong nakausap. Dalawang beses pa nga lamang kung susuriin. Pero ang hindi niya maunawaan at maintindihan .. ay kung bakit .. tila, natutuwa siya dahil sa muli nilang pagkikita .. at dahil dito ..

*Kinikilig siya dahil sa nararamdaman.*

"Hindi. THORpe."

"May tanong ako. Seryosong tanong."

Unti – unting humihina ang mararahas na patak ng ulan. Halos ambon na lang ito, pero dinig na dinig pa rin ni Ket ang mabining bagsak nito sa payong na kanilang pinagsasaluhan at sa lupang kanilang kinatatayuan.

"Ano yun?"

"Pwede bang .. *pwede bang manligaw?*"

"Kung sasabihin kong oo, makakasiguro ba 'kong hindi ako magiging pantakip diyan sa nabutas mong puso?"

"Wala namang butas dahil matagal ng nagsara."

"Echosero!"

Ngumiti muna siya sa lalake bago niya ibinigay ang kanyang sagot.

"Oo na. Lang'ya ka. Pinapagayagan kitang manligaw pero hindi ko pa alam pangalan mo at di mo rin alam pangalan ko."

"Kilala kita. Nabasa ko minsan sa ID mo. Kristel diba?"

"Kadiri. Ket na lang. Mas bet ko yun. At ikaw?"

"ArTHOR."

Malakas siyang napatawa dahil sa narinig. Hindi niya mapaniwalaan ang sinabi nito.

"Hindi nga? Arthur? As in King ArTHOR?"

"Sige lang. Tawa pa."

"Hindi kita payagan diyan e. Sige na nga tutal pareho naman tayong taga – Pasig .. Mr. ArTHOR THORpe."

"Salamat naman, Ms. Kristel THORete."

Kasabay ng mahina nilang tawanan ay ang pagdating ng inaabangan nilang sasakyan. Lumugar sila sa bandang dulo upang magkatabi sa upuan.

Alam nila sa kanilang mga sarili na .. ito na ang magandang simula ng kanilang mabuting samahan .. samahan na sana .. magtagal at hindi dumating sa katapusan.

Napatingin si Ket sa payong na hawak – hawak ni Arthur. Napangiti siya dahil sa ideyang sumagi sa isipan niya.

Salamat sa payong na hawak – hawak nito. Salamat sa payong na naging piping saksi upang mas magkakilala sila ng mahiwagang lalakeng nakausap niya. Salamat sa payong na dala – dala niya noong panahong nagkausap sila sa pilahan. Salamat at nagsilbing daan ang mga payong na ito upang masimulan ang isang bagong kabanata sa kanilang mga buhay.

Ang ipinagkaiba nga lang ..

Sa payong na hawak – hawak noon ni Ket ..nagkakilala't nagkita sila dahil sa pagbagsak ng ulan.

Sa payong naman na hawak – hawak ngayon ni Arthur .. nagkita at nagkausap silang muli dahil sa isang bagay na hindi man niya sabihin ay batid niyang pareho nilang alam.

Hindi na nila kailangan ng panibagong buhos at bagsak ng mararahas na tubig sa kalangitan upang mas magkakilalanlan..

Dahil totoo ngang sa parte ng buhay nilang ito ..

*Tumila na ang ulan.*